***Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 38***
***Mula sa Buhay ni Haring Asa Yugto 2***

***"1 At ang espiritu ng Dios ay suma kay Azarias na anak ni Obed: 2 At siya'y lumabas na sinalubong si Asa, at sinabi niya sa kaniya, Dinggin ninyo ako, Asa, at buong Juda at Benjamin: ang Panginoon ay sumasa inyo samantalang kayo'y sumasa kaniya: at kung inyong hanapin siya, siya'y masusumpungan ninyo; nguni't kung pabayaan ninyo siya, kaniyang pababayaan kayo. 3 Ngayon nga ang Israel ay malaon nang walang Dios na tunay at walang tagapagturong saserdote, at walang kautusan: 4 Nguni't nang sa kanilang kapanglawan ay nagsipagbalik sila sa Panginoon, sa Dios ng Israel, at hinanap nila siya, siya'y nasumpungan nila. 5 At nang mga panahong yaon ay walang kapayapaan sa kaniya na lumabas, o sa kaniya na pumasok, kundi malaking ligalig ang nangasa lahat ng mga nananahan sa mga lupain. 6 At sila'y nagkapangkatpangkat, bansa laban sa bansa, at bayan laban sa bayan: sapagka't niligalig sila ng Dios ng buong kapighatian. 7 Nguni't mangagpakalakas kayo, at huwag manglata ang inyong mga kamay; sapagka't ang inyong mga gawa ay gagantihin. 8 At nang marinig ni Asa ang mga salitang ito, at ang hula ni Obed na propeta, siya'y lumakas, at inalis ang mga karumaldumal sa buong lupain ng Juda at ng Benjamin, at sa mga bayan na kaniyang sinakop sa lupaing maburol ng Ephraim; at kaniyang binago ang dambana ng Panginoon, na nasa harap ng portiko ng Panginoon. 9 At kaniyang pinisan ang buong Juda at Benjamin, at silang mga nakikipamayan na kasama nila mula sa Ephraim at Manases, at mula sa Simeon; sapagka't sila'y nagsihilig sa kaniya na mula sa Israel na sagana, nang kanilang makita na ang Panginoon niyang Dios ay sumasa kaniya. 10 Sa gayo'y nangagpipisan sila sa Jerusalem sa ikatlong buwan, sa ikalabing limang taon ng paghahari ni Asa. 11 At sila'y nagsipaghain sa Panginoon sa araw na yaon, sa samsam na kanilang dinala, na pitong daang baka at pitong libong tupa. 12 At sila'y pumasok sa tipan upang hanapin ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang, ng kanilang buong puso, at ng kanilang buong kaluluwa. 13 At sinomang hindi humanap sa Panginoon, sa Dios ng Israel, ay papatayin, maging maliit o malaki, maging lalake o babae. 14 At sila'y nagsisumpa sa Panginoon ng malakas na tinig, at may mga hiyawan, at may mga pakakak, at may mga patunog. 15 At ang buong Juda ay nagalak sa sumpa: sapagka't sila'y nagsisumpa ng kanilang buong puso, at hinanap siya ng buo nilang nasa; at siya'y nasumpungan sa kanila: at binigyan sila ng Panginoon ng kapahingahan sa palibot. 16 At si Maacha naman na ina ni Asa na hari, ay inalis niya sa pagkareina, sapagka't siya'y gumawa ng nakasusuklam na larawan na pinaka Asera; at pinutol ni Asa ang kaniyang larawan, at ginawang alabok, at sinunog sa batis ng Cedron. 17 Nguni't ang mga mataas na dako ay hindi inalis sa Israel: gayon ma'y ang puso ni Asa ay sakdal sa lahat ng kaniyang mga kaarawan. 18 At kaniyang ipinasok sa bahay ng Dios ang mga bagay na itinalaga ng kaniyang ama, at yaon mang kaniyang itinalaga, na pilak, at ginto, at mga sisidlan. 19 At nawalan na ng digma sa ikatatlong pu't limang taon ng paghahari ni Asa." (2 Cronica 15:1-19)*** Sa mensaheng ito matutunan pa natin ang mabuting mga aral mula sa buhay ni Haring Asa.

***"1 At ang espiritu ng Dios ay suma kay Azarias na anak ni Obed: 2At siya'y lumabas na sinalubong si Asa, at sinabi niya sa kaniya, Dinggin ninyo ako, Asa, at buong Juda at Benjamin: ang Panginoon ay sumasa inyo samantalang kayo'y sumasa kaniya: at kung inyong hanapin siya, siya'y masusumpungan ninyo; nguni't kung pabayaan ninyo siya, kaniyang pababayaan kayo." (2 Cronica 15:1-2)*** Si Haring Asa ay nakinig sa utos at pahayag ni Azariah. Ang kahulugan ng Azarias ay *"Jehovah ay tumulong."* Ipinaliwanag ni Azariah ang buong sitwasyon kay Haring Asa at hinikayat niya siya upang gawin kung ano ang tama. Tunay na ang Dios ang tutulong. Si Asa at ang kanyang sandatahan kasama niya ay nanagumpay sa kanilang labanan laban kay Zera ang mga Etopian, samakatuwid ngayon, ito ang panahon sa kanila upang maging tapat sa Dios. Si Haring Asa ay nakinig at sumunod sa mensahe ng Dios sa kanya. *Sa parehong paraan, maging tapat sa Dios at gawin ang mabuting bagay bilang tapat Siya sa iyo at pinalaya ka mula sa iyong kaguluhan at sa iyong mga kaaway.* Ipinaliwanag ni Azaria ang buong sitwasyon kay Haring Asa at hinikayat siya na gawin kung ano ang tama. *Sa parehong paraan, kailangan nating lumabas, upang kumilos at upang ipaliwanag at palawakin ang mensahe ng Dios sa ating mga pamilya, sa mga anak at sa mga taong nasa ilalim ng ating pangangalaga at sa mga nakapaligid sa atin upang ang mensahe ng Dios na tatanggapin nila kapag inilapat nila sa kanilang buhay, tutulungan sila ng mensahe sa kanilang pang araw araw na buhay at pamumuhay at magbibigay katagumpayan at kaligtasan.*

Ang mensahe na iyong tinanggap at isagawa ay tutulong sa iyong buhay at tulad ng sumusunod:-

***"Ang PANGINOON ay sumasa inyo samantalang kayo'y sumasa kaniya: at kung inyong hanapin siya, siya'y masusumpungan ninyo; nguni't kung pabayaan ninyo siya, kaniyang pababayaan kayo." (2 Cronica 15:2)*** *Kung ikaw ay sumasa Dios sa gayon Siya ay sasaiyo, ngunit kung iiwanan mo Siya, sa gayon iiwanan ka din Niya.*

***"3 Ngayon nga ang Israel ay malaon nang walang Dios na tunay at walang tagapagturong saserdote, at walang kautusan:" (2 Cronica 15:3)*** Anong ibig sabihin dito na ang Israel ay walang Dios at walang pa ring nagtuturo. May templo sila ng Dios sa gitna nila, at maraming pari ang naroon. Kahit ngayon mayroong maraming mga simbahan at mga manggagawa ng walang bilang ngunit ang Dios ay wala sa gitna ng Kanyang bayan. *Kung wala ni isang magtuturo at magdidisiplina sa mga tao ng Salita ng Dios sa gayon ang presensya ng Dios ay wala sa kalagitnaan ng Kanyang bayan. Kahit pa mayroong mga simbahan at mga manggagawa, ngunit kung ang Salita ng Diyos ay hindi ituturo at palalawakin sa gayon walang Dios sa Kanyang bayan. Samakatuwid kailangan nating magpatuloy na turuan at idisipolo ang mga tao at sanayin sila sa mga landas ng Dios upang ang presensya ng Dios ay mapasa Kanyang bayan.*

***"4 Nguni't nang sa kanilang kapanglawan ay nagsipagbalik sila sa Panginoon, sa Dios ng Israel, at hinanap nila siya, siya'y nasumpungan nila." (2 Cronica 15:4)*** *Kung pinili mong bumalik sa Dios habang ikaw ay nasa kaguluhan, magsisi sa iyong mga kasalanan at hanapin Siya upang lumapit sa Kanya, sa gayon ikaw ay matatagpuan ng Panginoon at tutulungan ka Niya. Ang aking payo sa iyo ay hindi mo na kailangang maghintay para sa kaguluhan na dumating upang simulang hanapin ang Dios ngunit simulang hanapin Siya ngayon.* Nakakalungkot sabihin marami ang mga tao lumalapit lamang sila sa Dios kapag sila'y may problema ngunit sa sandaling ang kanilang kaguluhan ay natapos at nalutas sila'y lalayo sa Dios. *Ako'y umaasa at nanalangin na hindi kayo kabilang sa ganoong uri ng mga tao. Ang sinasabi ng Dios dito ay huwag maging opurtonista, kung ang Dios ay mabuti sa iyo sa gayon magpakabait at maging mabuti sa Dios.*

***"5 At nang mga panahong yaon ay walang kapayapaan sa kaniya na lumabas, o sa kaniya na pumasok, kundi malaking ligalig ang nangasa lahat ng mga nananahan sa mga lupain. 6 At sila'y nagkapangkatpangkat, bansa laban sa bansa, at bayan laban sa bayan: sapagka't niligalig sila ng Dios ng buong kapighatian." (2 Cronica 15:5-6)*** *Ang mga kaguluhan, mga pagsubok, at tumataas sa palibot mo ay dahil sa kasalanan at pagsuway. Ang mga kasalanan, kakulangan ng pangako, at pagsuway ay magdadala ng poot ng Dios at galit sa mga tao. Ang mga kasalanan ay mag aalis ng presensya ng Dios mula sa ating buhay. Kaya nga mag ingat tayo sa kaguluhan na nangyayari sa buong mundo at bumalik sa Dios sa pagsisisi, upang tayo ay makaiwas sa mga kaguluhan at Kanyang poot. Samakatuwid, ngayon habang naririnig ninyo ang mensaheng pinag-iisipan ang inyong mga lakad, magsisi at bumalik sa Panginoon, hindi kayo makakarating sa gayong mga pangyayaring tumataas.*

***"7 Nguni't mangagpakalakas kayo, at huwag manglata ang inyong mga kamay; sapagka't ang inyong mga gawa ay gagantihin." (2 Cronica 15:7)*** *Kapag ikaw ay bumalik sa Dios at sinimulang hanapin Siya, sa gayon ang iyong mga gawa ay gagantimpalaan ng Panginoon. Nais ng Dios ay magpatuloy ka upang paglingkuran Siya at magpatuloy na gawin kung ano ang Kanyang sinalita sa iyo na gawin at Siya ang magpapala sayo.* Ang mensaheng ito ni Azaria ay upang hikayatin si Haring Asa at gawin siyang matapang upang harapin ang mga kasalanan at maling mga gawain at simulang gawin ang kinakailangang mga pagbabago. Sinasabi niya sa kanya na huwag maging opurtonista katulad ng iba, na kapag natanggap na nila ang mabubuting bagay mula sa Dios sila ay lalayo sa Kanya at simulang mag alok sa mga kaibigan at gumastos sa mga kasiyahan at mga pagtitipon at sa mga proyekto na hindi kalooban ng Dios. Ipinadala ng Dios si Azariah upang salitain kay Asa na ang puso ay sakdal at handang sumunod sa Dios at gawin ang mga bagay na kinakailangan upang magdala ng pagbabago. *Sa parehong paraan ang mensahe na umabot sa iyo ngayon ay upang itaguyod ka na magpatuloy at labanan ang mga kasalanan at upang makamit ang kinakailangan mga pagbabago na nais ng Dios sa iyo na makamit mo. Kung ikaw ay babalik sa Dios at simulang hanapin Siya, sa gayon ang iyong gawa ay papagpalain ng Panginoon. Samakatuwid maging matapang ngayon at huwag manghina para sa lahat ng iyong mga gawa ay gagantimpalaan ng Panginoon.*

*Ang panahon ng Tagumpayan ay panahon ng tukso: Si Azariah ay pumunta kay Aza upang sabihin sa*

*Kanya, na ginawa ng Dios ang Kanyang tungkulin at nilipol ang malaking hukbo para sa iyo, ngayon kailangan mong gawin ang iyong tungkulin*. Ang mga tao kapag nakuha nila ang nasamsam sila'y pupunta sa mga kasiyahan, sa hotel, sa Safari, upang pagpalain ang kanilang mga kaibigan at pagpalain ang kanilang kapwa at upang pagpalain ang mga tumulong sa kanila ngunit wala ni isa ang nakaisip para pumunta sa Dios at sa Kanyang bayan, sa Kanyang simbahan, at pagpalain ang Panginoon at Kanyang bayan.

Si Asa ang kanyang puso ay nakahandang maglingkod sa Dios, samakatuwid nang ang mensahe ng Dios ay dumating sa pamamagitan ni Azaria ito'y sinangayunan ng kanyang espiritu at siya'y handang sumulong upang paglingkuran ang Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban. ***"8 At nang marinig ni Asa ang mga salitang ito, at ang hula ni Obed na propeta, siya'y lumakas, at inalis ang mga karumaldumal sa buong lupain ng Juda at ng Benjamin, at sa mga bayan na kaniyang sinakop sa lupaing maburol ng Ephraim; at kaniyang binago ang dambana ng Panginoon, na nasa harap ng portiko ng Panginoon." (2 Cronica 15:8)*** Nang ang Panginoon ay binigyan sila ng malaking tagumpay at nasamsam. Inaasahan Niya mula sa kanila na maging masunurin pa sa Kanya. Sa gayon ipinadala Niya ang Kanyang propeta upang hamunin sila na lumapit sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban ng lubos. Si Haring Asa ay nahiyakat nang higit pa nang narinig niya ang nakakapagpatibay na mensahe, at inalis niya pa ang kasuklam suklam na mga diosdiosan sa labas ng lahat ng lupain ng Juda, Benjamin at sa ibang mga bayan mula sa bundok ng Epraim na pagaari ng mga tribo na humiwalay sa Judah. *Samakatuwid kailangan natin magpakatatag pa ngayon upang abutin ang bagong mga tao at pumunta sa kanila at ibigay ang mensahe ng Dios na magpapabago sa kanila at maging matapang na harapin ang mga kasalanan, pag-aalis ng mga diosdiosan mula sa kanilang buhay at simulan ang pagbabago.* Binago ulit ni Haring Asa ang dambana upang ito'y magamit para magsunog ng mga handog na dadalhin ng mga tao at iaalay sa Dios. Ginawa pa ni Haring Asa ang sumusunod na mga bagay: ***"12At kaniyang inalis ang mga Sodomita sa lupain, at inalis ang lahat ng diosdiosan na ginawa ng kaniyang mga magulang. 13 At si Maacha naman na kaniyang ina ay inalis niya sa pagkareina, sapagka't gumawa ng karumaldumal na larawan na pinaka Asera; at pinutol ni Asa ang kaniyang larawan, at sinunog sa batis Cedron." (1 Hari 15:12-13)***

***"12 At kaniyang inalis ang mga Sodomita sa lupain, at inalis ang lahat ng diosdiosan na ginawa ng kaniyang mga magulang." (1 Hari 15:12)*** Ang homosexual ay naroon at hinayaan ni Haring Rehoboam, ngunit si Haring Asa, ang apo ni Haring Rehoboam, ay inalis ang mga ito. *Sa parehong paraan pagkatapos nating alisin lahat ng mga diosdiosan na sumisira sa simbahan ngayon, (katipang lalaki, katipang babae, pagtitipan, pagliligawan, paghihiwalay, at pagaasawang muli, Pasko, Bagong Taon, Araw ng Puso, Halloween, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Araw ng lahat ng mga Santo, katakawan, kasakiman atbp.), pagkatapos ating aalisin ang idolo ng homosexualidad. Kailangan nating patuloy na labanan at huwag tanggapin ang homosexualidad at ang transgender. Hindi lamang iyon ngunit lahat ng bagay na katanggap tanggap sa ating mga ninuno at wala sa Banal na Kasulatan kailangan nating tanggihan.*

***"at inalis ang lahat ng diosdiosan na ginawa ng kaniyang mga magulang." (1 Hari 15:12)*** Sinira Niya ang lahat ng maling mga gawi ng mga diosdiosan ng kanyang ama. Pinarangalan niya ang Dios at hindi binigyang parangal ang kanyang ama na nagkasala laban sa Dios. *Sa parehong paraan kailangan nating bigyan ng karangalan ang Dios at hindi ang ating mga magulang na nagkasala laban sa Dios sa pamamagitan ng hindi pagpapagalang sa kanilang maling mga gawain.*

***"13 At si Maacha naman na kaniyang ina ay inalis niya sa pagkareina, sapagka't gumawa ng karumaldumal na larawan na pinaka Asera; at pinutol ni Asa ang kaniyang larawan, at sinunog sa batis Cedron." (1 Hari 15:13) "16 At si Maacha naman na ina ni Asa na hari, ay inalis niya sa pagkareina, sapagka't siya'y gumawa ng nakasusuklam na larawan na pinaka Asera; at pinutol ni Asa ang kaniyang larawan, at ginawang alabok, at sinunog sa batis ng Cedron." (2 Cronica 15:16)*** Inalis ni Haring Asa ang kanyang ina mula sa posisyon ng reyna. Hindi niya iginalang siya, dahil nagtayo siya ng diosdiosan at kakahoyan. ***"at pinutol ni Asa ang kaniyang larawan, at ginawang alabok, at sinunog sa batis ng Cedron."*** Kinakailangan niyang alisin siya upang wala ni isa mang malito kapag nakita nila ang masasamang ginaa niya. Nang makita ng mga tao ang ginawa ni Asa sa kanyang ina, sila ay may kamalayan na si Asa ay hindi sa pagpapalugod sa mga tao, ngunit siya ay sa Dios at sa paggawa ng Kanyang kalooban. Itoy nagpapaalala sa atin kay Jesus kung paano niyang isantabi ang Kanyang ina mula sa pagiging reyna nang ninais niyang makialam sa Kanyang gawain at gawin ang kanyang gusto, ***"1At nang ikatlong araw ay nagkaroon ng isang kasalan sa Cana ng Galilea; at naroon ang ina ni Jesus: 2 At***

***inanyayahan din naman si Jesus, at ang kaniyang mga alagad, sa kasalan. 3 At nang magkulang ng alak, ang ina ni Jesus ay nagsabi sa kaniya, Wala silang alak. 4 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Babae, anong pakialam ko sa iyo? ang aking oras ay hindi pa dumarating." (Juan 2:1-4)*** *Sa tiyak na pagkakataon ang pinaka malapit na mga tao sa inyong puso ay susubukang makialam sa iyo at hadlangan ka na gawin ang kalooban ng Dios sa pagtutulak ng kanilang mga diosdiosan at adyenda sa daloy ng iyong buhay. Ang pagpapatibay na mensahe ng Salita ng Dios ay dapat pumukaw sa iyo na magpatuloy na sumunod sa Dios nang higit pa at alisin ang mga diosdiosan at maling pagtatayo na kabilang sa mga tradisyonal na itinakda ng iyong mga magulang at ang relihiyong mga kasanayan ng mga taong nasa paligid mo. Ang pagpapatibay na Salita ng Dios ay dapat pumukaw sa iyo upang isuko ang ilang mga tao at ilang mga kaugnayan na pipilay sa iyo at gagambalain ang kapayapaan na nasa iyong buhay dahil sa mga diosdiosan at mga kasalanan ng mga ito na inihahatid sa iyong buhay.*

***"9 At kaniyang pinisan ang buong Juda at Benjamin, at silang mga nakikipamayan na kasama nila mula sa Ephraim at Manases, at mula sa Simeon; sapagka't sila'y nagsihilig sa kaniya na mula sa Israel na sagana, nang kanilang makita na ang Panginoon niyang Dios ay sumasa kaniya. 10 Sa gayo'y nangagpipisan sila sa Jerusalem sa ikatlong buwan, sa ikalabing limang taon ng paghahari ni Asa." (2 Cronica 15:9-10)*** Si Haring Asa, habang siya ay nagpasyang sumunod at ilapat ang mensahe ng Dios, ang Panginoon ay nagdala ng bagong mga tao sa paligid niya, kahit sa magkakahiwalay na mga lipi na umalis mula sa Juda at sa panahon ni Haring Rehoboam, ***"nang kanilang makita na ang Panginoon niyang Dios ay sumasa kaniya."*** *Sa parehong paraan kapag ganap kang sumunod sa Diyos at itinakda mo ang iyong puso upang paglingkuran SIYA, at sa paggawa ng kalooban NIYA, hahayan ng Dios na makita ng mga tao ns SIYA ay sumasa iyo at hahayaan Niya ang ibang tao na dumating at sumanib sa atin. Idadagdag ng Dios ang mga tao sa atin kapag tayo ay sumunod sa Kanya.*

*Ang presensiya ng Dios sa ating buhay ay maipapakita alinman sa materyal na mga bagay na ibinigay Niya sa atin o sa pamamagitan ng mga biyayang espirituwal, paglaya at mga kababalaghan na idaragdag Niya sa ating buhay. Hahayaan ng Dios na makita ng mga tao na pinagpapala Niya tayo at hahamunin Niya sila na magsisi at upang bumalik sa Kanya.*

***"11 At sila'y nagsipaghain sa Panginoon sa araw na yaon, sa samsam na kanilang dinala, na pitong daang baka at pitong libong tupa. 12 At sila'y pumasok sa tipan upang hanapin ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang, ng kanilang buong puso, at ng kanilang buong kaluluwa." (2 Cronica 15:11-12)*** Sa pamamagitan ni Haring Asa at ng Kanyang pagkamasunurin sa Panginoon, pagpapanibago ang nagdalang muli sa buhay ng bayan ng Dios; sila'y nag alay sa Dios at sila'y pumasok sa isang tipan sa KANYA. *Sa parehong paraan, ang iyong pagsunod, ay gagamitin ng Dios upang magdala ng pagbabagong buhay ng ibang tao at sa buhay ng Kanyang simbahan.* Nang binigyan ng Panginoon sila ng malaking tagumpay at samsam inaasahan Niya sa mula sa kanila na magiging mas higit pang masunurin sa Kanya. Sa gayon ipinadala Niya ang Kanyang propeta upang hamunin sila na lumapit pa sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban nang lubos. *Sa parehong paraan ngayon, kapag ang Panginoon ay pinagpapala tayo at nagdaragdag sa atin, inaasahan Niya sa atin na iaalay ang pinakamabuti sa kung anong ibinigay Niya sa atin, mula sa ikapu, mga handog, at mga unang bunga, sa karagadagan sa ating buhay, oras, at ang ating mga talento*. ***"12At sila'y pumasok sa tipan upang hanapin ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang, ng kanilang buong puso, at ng kanilang buong kaluluwa." (2 Cronica 15:12)*** Mayroon silang tipan upang hanapin ang Dios at sa paghahanap sa Dios ay hindi isa o dalawang araw na paraan kundi tumatagal ng mga buwan, at mga taon, at dapat tayong magkaroon ng kamalayan na ang paghahanap sa Dios ay patungo sa makipot na pintuan-daan at ang makipot na daan na sinabi ni Jesus na kailangan nating hanapin upang makita natin.

***"13 At sinomang hindi humanap sa Panginoon, sa Dios ng Israel, ay papatayin, maging maliit o malaki, maging lalake o babae. 14 At sila'y nagsisumpa sa Panginoon ng malakas na tinig, at may mga hiyawan, at may mga pakakak, at may mga patunog." (2 Cronica 15:13-14)*** Si Haring Asa at ang mga taong kasama niya ay kinuha ang isang seryosong desisyon na ang mga ayaw magnais na hanapin ang Panginoon sila'y hindi magiging bahagi nila. Sila'y nagtiwala sa Dios na Siya ang magpapanatili sa kanila at mangangalaga para sa lahat ng kanilang mga kailangan kahit na kung kailangan nilang isuko ang maraming mga tao. Kailangan talaga natin sa tiyak na pagkakataon na kailangan nating iwan ang ilang mga tao at ilang mga kaugnayan upang iwasan din ang mga kaguluhan at pagbagabag mula sa Dios. Sila'y nagtiwala sa Dios na Siya ang magpapanatili sa kanila at mangangalaga para sa lahat ng kanilang mga kailangan kahit na ang mga tao ay lumayo mula sa kanila. *Ikaw sa*

*parehong paraan, huwag kang matakot kung iyong isusuko ang mga tao na ayaw sumunod sa Dios. Ang mga ganoong mga tao ay walang silbi. Ang Panginoon ay iingatan ka at pananatilihin ka, kahit sa maliit na naiwan sa iyo at sa paligid mo.*

***"15 At ang buong Juda ay nagalak sa sumpa: sapagka't sila'y nagsisumpa ng kanilang buong puso, at hinanap siya ng buo nilang nasa; at siya'y nasumpungan sa kanila: at binigyan sila ng Panginoon ng kapahingahan sa palibot.19At nawalan na ng digma sa ikatatlong pu't limang taon ng paghahari ni Asa." (2 Cronica 15:15,19)*** Si Haring Asa at ang mga taong kasama niya, bilang sinimulan nilang hanapin ang Dios at sumunod sa Kanyang kalooban, ang Panginoon ay binigyan sila ng kagalakan, kapayapaan at kapahingahan sa palibot. *Habang iniibig mo ang Panginoon at lumapit sa Kanya at udyukan ang iba na gawin ang katulad, ang Panginoon ay bibigyan ka ng kagalakan, kapayapaan at kapahingahan mula sa iyong mga kaaway.*

*Sa parehong paraan bilang iniibig natin ang Panginoon at lumalapit sa Kanya at udyukan ang iba na gawin ang katulad, ang Panginoon ang magbibigay sa atin ng kagalakan, kapayapaan at kapahingahan mula sa ating mga kaaway. Ang kapahingahan sa palibot iyon ay magmumula sa Panginoon kapag sinimulan mong hanapin ang Dios.*

*Ang tanong ay ito: Paano natin malalaman na nahanap na natin ang Dios at natagpuan natin Siya? Kapag natanggap natin ang kapayapaan ng Dios mula sa bawat panig.*

Sa iba't ibang lugar sa talatang ito ay sinalita ang tungkol sa kapayapaan, kapahingahan at katahimikan. ***"1 Nang kaniyang mga kaarawan ay tahimik ang lupain na sangpung taon. "6 sapagka't binigyan siya ng Panginoon ng kapahingahan "7 at binigyan niya tayo ng kapahingahan sa lahat ng dako." (2 Cronica 14:1, 6, 7)*** Ano ang mga dahilan na nag aambag sa kapayapaan at kapahingahan? Hindi lamang ang Dios ang magbibigay sa atin ng kapahingahan kundi kailangan nating makipagtulungan sa Dios, payabungin at itaguyod ang kapayapaan habang inaalis ang mga diosdiosan, mga imahe, ang mataas na dako, ang kakahoyan, at habang inilalapat at sumusunod tayo sa Salita ng Dios at sa Kanyang mga utos at habang ating hinanap Siya matatanggap natin ang Kanyang kapahingahan. Ang kapahingahan din ay maaaring magtaguyod nang higit pang kapayapaan at kapahingahan sa pagtatayo ng bago at konserbatibong mga bagay sa panahon ng kapahingahan. *Mayroong mga panahong ang Diyos ay magbibigay ng maraming oras, Mabuting ikaw ay magpahinga, ngunit ganon din, mabuting magisip, na ibinigay sayo ang oras at pahinga sapagka't kailangan Niya na gawin mo ang tiyak na konserbatibong mga bagay sa iyong buhay.* Si Haring Asa ay itinayo ang bagong lungsod at gumawa sila ng mga pader, moog, pintuang-bayan, mga halang kaya't kanyang nakamit ang mabubuting bagay sa panahon ng kapayapaan. Pati na rin itinayo niya ang isang malaking hukbo at nilagyan ito ng mga sandata. Ang kahulugan ng Asa ay *'manggagamot'* o *'nakakapinsala'*. Kaya maari siyang gumawa ng mabubuting bagay o maari siyang gumawa ng masasamang bagay. *Ang katulad sa iyo ngayon. Piliing gawin ang mabubuting bagay sa panahon at ang mapagkukunan na ibinigay Niya sa iyo at iwasang gumawa ng masasamang bagay.*

***"17 Nguni't ang mga mataas na dako ay hindi inalis sa Israel:" (2 Cronica 15:17)*** Ang matataas na dakong ito ay hindi nagawang alisin ni Haring Asa sapagkat sila'y wala sa ilalim ng kanyang lupain, ngunit sila ay nasa ilalim ng mga angkan na humiwalay sa Juda. ***"Gayon ma'y ang puso ni Asa ay sakdal sa lahat ng kaniyang mga kaarawan." (2 Cronica 15:17)*** *Gawin mo ang iyong tungkulin ng maayos hangga't makakaya mo at hayaang ang iyong puso ay maging sakdal sa harapan ng Panginoon. Ang Panginoon ay hindi idudulot sa iyo na managot sa mga dako ng ministerio sa labas ng iyong kapangyarihan at sinasakupan.*

***"18 At kaniyang ipinasok sa bahay ng Dios ang mga bagay na itinalaga ng kaniyang ama, at yaon mang kaniyang itinalaga, na pilak, at ginto, at mga sisidlan." (2 Cronica 15:18)*** Sa pamamagitan ng buhay ni Haring Asa ang Panginoon ay pinanumbalik ang lahat ng mga kayamanan sa Kanyang simbahan. *Habang ipinapangako mo ang iyong buhay na maglingkod sa Dios sa ganoong paraan ibabalik ng Dios ang mga kayamanan na itinakda para sa Kanyang simbahan sa pamamagitan ng iyong buhay at sa pamamagitan ng iyong mabubuting gawa.*

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ito'y napakalinaw mula sa buhay ni Haring Asa na maari tayong makipagtulungan sa Diyos upang dalhin ang Kanyang muling pagkabuhay at pagbabago sa ating buhay, sa buhay ng Kanyang simbahan, at sa buhay ng mga taong nasa paligid natin.

Ang mabuting halimbawa ay ang espirituwal na pagsulong na nakamit ni Haring Asa para sa kanyang sarili at para sa buhay ng bayan ng Dios na kasama niya, at para sa buhay ng kapulungan na kasama niya, ang Simbahan ng Panginoon, at kung paanong napakaganda na ipinagkaloob ng Dios ang malaking tagumpay, pagbabagong buhay, pagpapakabanal, pagbabago at ang mga taon na nagtalaga na bumalik sa Dios at magkaroon ng tipan sa Kanya. Sa parehong paraan, ating ilapat ang layunin ng mensaheng ito sa ating pamumuhay at ipagkatiwala ang ating sarili na sumunod sa Dios ng buong puso at magdala ng muling pagkabuhay at pagbabago sa buhay ng simbahan at sa mga taong nasa paligid natin.

***Aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong salita na nagpakita sa akin ng mabuting layunin sa kung paanong sumunod sa iyo at gawin ang matuwid sa iyong paningin.*

*Ating ihayag ang ating mga kasalanan sa Panginoon. Panginoon patawarin mo ako______________________ sa aking mga kasalanan. Hinggin sa Dios ang kapatawaran para sa kasalanan ng takot sa tao, pakikipagkompromiso, ang kasalanan ng katiwalian, ang kasalanan na patuloy nag tradisyonal na mga gawi mula sa iyong mga magulang at mula sa iyong kultura at mga tao. Hinggin sa Diyos mula sa lahat ng mga kasalanang ito.*

*Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na ganap na magtiwala sa iyo, upang alisin mga idolo, kasuklam suklam at maling mga gawi sa aking buhay at sa buhay ng mga tao na nasa paligid ko, at yaong mga nasa ilalim ng aking pangangalaga. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang alisin ang sumusunod na mga tao palabas sa aking buhay sapagkat sa kanilang kasamaan, mga diosdiosan at sa ang kanilang pagsisikap na ilayo ako mula sa paggawa ng iyong kalooban. Panginoon bigyan mo ako ng katatagan at katapangan na gawin iyon at protektahan ako mula sa gumagawa ng masama. Panginoon tulad ng pagbibigay mo ng mga tao upang suportahan si Haring Asa, Panginoon dalhin din ang matatapat na mga tao upang tulungan ako sa ministerio na ipinagkatiwala mo sa amin, kami ng iyong simbahan, ang Simbahan ng Dios. Panginoon puspusin ako ng Banal na Espiritu na magpatuloy at maglingkod sa iyo na gawin ang tunay na nais mo na gawin ko. Panginoon gamitin ako upang makapaghatid ng muling pagkabuhay at pagbabago sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon pangunahan mo ako upang makapag eevangelio sa bagong mga tao at dalhin sila sa iyong presensya.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking kapatid na lalaki at babae na narinig ang mensahe at handang sumunod sayo, Panginoon palakasin sila, protektahan sila, ibigay ang lahat ng kanilang mga pangangailangan, at puspusin ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga espirituwal na kaloob na kailangan nila upang magpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon pahintulutan kami bilang isang simbahan na tumayong matatag laban sa lahat uri ng pagsamba sa dios diosan, katiwalian, tradisyonal na kasanayan, at kamunduhan at tulungan kaming maabot ang mga bagong mga lugar at bagong mga tao ng Mabuting Balita ni Jesus. Panginoon tulungan kami na makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.